# ALAY KAY ANDRES BONIFACIO
# BAYANING MANGGAGAWA

ni Renante Gamara,
Detenidong Politikal, Camp Crame

*Produced and written in his detention cell, labor leader Renante Gamara contributed this song to give tribute not only to A. Bonifacio but to the "proletariat who will lead the continuing revolution of Bonifacio and ensure the national democratic struggle towards socialism, the workers society". The song of Tay Nante, also talks about the pledge of every worker to Bonifacio and his comrades, to continue the struggle against foreign colonization and oppression. Also included are Tay Nante's notes about the song, handwritten and smuggled out from his detention cell.*

Intro: C – D G – Em – Am – D – D7 – G – B7

Em G Em G
**Musmos pang manggagawa sa lupang sinilangan**
C D G
**Himagsikan ay pinamunuan**
C D Em
**Mithing ang bayan ay lumaya**
C D G B7
**Gitng at dangal ang pamana mong iniwan**
Em G Em B7
**Mararating din lamang ang pangarap nating bukas**
C D G
**Kung proletaryo ang sulong tanglaw**
C D Em
**Diwang panday sa kasaysayan**
C D G B7
**Ng tunggalian sa makauring lipunan**

Koro:
C D G Em
**Bayani kang tunay na dakila**

C G G
**Laban sa dayong kapangyarihan**

C D G Em
**Rebolusyong iyong sinindihan**

Am D D7 G – B7
**Di man tapos aming durugtungan**
Em G Em G
**Bagong Demokrasya at lipunang Sosyalista**
C D G
**Langit ng uring manggagawa**
C D Em
**Talibang Partido ang sandata**
C G B7
**Ng masang lilikha sa masagana nating bukas**
Em G E m G
**Itinakdang tungkuhin na sa sangkatauhan**
C D G
**Pawiin ang pagsasamantala**
C Em
**Upang wala nang iilan**
C D G b7
**Yaman ay piniga sa pawis ng karamihan**

Koro 2 :
C D G Em
**Inspirasyong pinagbuwisan**
C D G
**Sa puso ng milyong lumalaban**
C D G Em
**Di sasayangin buhay na inialay**
Am D – G Em
**Imperyalismong buhong pagbabayarin.**

Ang awitin ay aming isinulat sa kahilingan sa mga bilanggong pulitikal na mag-ambag ng obrang pansining para sa ika – 150 taong kaarawan ni Gat Andres Bonifacio (Nobyembre 30, 2013). Nilayon sa awitin na makatugon sa itinakdang tema : nagpapatuloy na kabuluhan ni Andres Bonifacio, ng kanyang pinamunuang Himagsikan o Rebolusyong Pilipino ng 1896, para sa kasalukuyang Rebolusyong Pambansa – Demokratiko o Bagong Demokrasya

na isinusulong ng manggagawa, magsasaka, peti-burgesya at iba pang aping mga uri, saray at sektor ng mamamayang Pilipino sa kasalukuyan at nagsimula pa noong dekada 1930.

Mula sa pangkasaysayang punto de bista, ninais ipakita sa awitin ang pananaw ng nagsulat na isa sa mga kadakilaan ni Bonifacio, kahit pa nga higit siyang naimpluwensyahan ng mga teorya at karanasan ng Rebolusyong Pranses ng ika – 18 siglo, ay ang nagawa niyang pagpupundar at pamumuno sa Rebolusyong 1896 gayung siya at kanyang mga kasama ay mula sa musmos pa lamang na uring manggagawang Pilipino sa isang kolonyal at pyudal na sistema sa Pilipinas. Sa katunayan nasa mga naisulat nang kasaysayan ng kilusang manggagawa sa Pilipinas na marami-rami din ang sumapi sa Katipunan (KKK) na nagmula sa masang manggagawa at iba pang anakpawis. Kabilang din dito ang mga lider obrero na nakatunghay sa Marxismo at halu-halong mga teorya sa pagsusulong ng pakikibakang proletaryo at kilusang sosyalista sa Europa, sa panahong umuunlad pa lamang ang mga ito tungo sa kauna-unahang tagumpay nito sa Rusya noong 1917 sa pamumuno ni V.I Lenin at RSDLP o RCP-Bolshevik.

Gayunman, ipinamalas ni Bonifacio sa praktika, ng Katipunan at ng mga manggagawa, ang di mapapantayang patriyotismo at kabayanihan. Nagpatuloy iyon kahit sa panahong wala na si Bonifacio at siyang nagbigay ng rebolusyonaryong tradisyon at diwa sa masang manggagawang lumalaban sa bagong mananakop na Imperyalismong U.S. Kumitil ito ng daandaang libo hanggang milyunmilyong buhay ng mga Pilipino (kabilang ang mga bata, matatanda, kababaihan) sa panahon ng Digmaang Filipino– Amerikano at sumunod na mga taon ng Pasipikasyon. Nagbigay rin ito ng rebolusyonaryong diwa at tradisyon sa kilusang manggagawa mula ika-1900 hanggang ika-1930 na nanawagan ng pagpapabagsak sa Imperyalismong U.S.

Ninais ring ipakita sa mensahe ng awitin ang nagpapatuloy na pakikibaka ng uring manggagawa at sambayanang Pilipino para sa kalayaan ng bayan at bansang Pilipinas mula sa dayuhang kapangyarihan sa nagmula sa kolonyalismong Espanyol, na ipinasa at pinalitan lamang ng Imperyalismong Amerikano o U.S. Sa kabilang banda, ang ipinundar at sinimulan nina Boni facio ay tunay na mabibigyang hustisya lamang kung maipagtatagumpay ito sa kasalukuyan o sa malapit na hinaharap. At magagawa lamang ito kung sa pamamagitan ng pagtatagumpay ng una: Bagong

Demokratikong Rebolusyon (demokrasya para sa mayorya ng mamamayan, ng masang manggagawa, magsasaka, at iba pang aping uri, saray at sektor, sa halip na para lamang sa nakatataas o nakaaangat na saray tulad ng Burgesya at iba pang naghaharing uri) subalit kinakailangang ito ay sa pamumuno ng uring manggagawa, at ikalawa sa hinaharap na pagtatatag at pagpapaunlad ng lipunang Sosyalista.

Panghuli, sa anu't – anuman, ang pagkamit ng lubos sa hustisya ay kung pagbabayaran ang " inutang " ---- ang milyun-milyong buhay na kinitil sa ngalan ng tubo ng buhong na Imperyalismo sa Pilipinas at sa buong daigdig.